INILABAS NA BALITA

Bruce Harrell, Mayor
AP Diaz, Interim Superintendent
Para sa Agarang Paglalabas: Mayo 8, 2023
Makipag-ugnayan kay: Karen O'Connor, 206-233-7929
karen.o'connor@seattle.gov

Mga Update sa Seattle Parks and Recreation
2024 Disenyo ng mga Parke at Bukas na Espasyo
Hinihikayat ang mga Mamamayan na Makilahok

Inaanyayahan ng Seattle Parks and Recreation (SPR) ang mga mamamayan na makilahok sa pagpapaunlad ng 2024 Disenyo ng mga Parke at Bukas na Espasyo. Samahan kami sa isang virtual open house sa Mayo 18 o sa personal sa isang workshop na gaganapin sa isa sa anim na lokasyon ng SPR Community Center sa Seattle.

"Isa itong pagkakataon para sa pamayanan na ibalangkas ang kanilang mga priyoridad sa parke at bukas na espasyo," sabi ni AP Diaz, SPR Superintendent. "Sa planong ito, pinapanatili ng Seattle Parks and Recreation ang ating pagiging karapat-dapat para sa mga gawad ng estado na nagpopondo ng mga proyekto sa pagpapaunlad at pagbili na nagtataguyod ng malusog na mga tao, isang maunlad na kapaligiran at masiglang komunidad"

Mag-register para sa Online Open House dito https://www.seattle.gov/parks/about-us/projects/2024-parks-and-open-space-plan. O samahan kami ng personal sa isa sa mga sumusunod na mga Community Center ng Seattle Parks and Recreation. Pagtutuunan ng mga workshop sa mga community center ang heyograpikong lugar, gayunpaman, tatanggap din kami ng input sa mga pangangailangan sa buong lungsod. Ang lahat ng mga kaganapan ay mula alas 6 hanggang 7:30 p.m.

- Focus ng Northwest
  - Mayo 22, Lunes sa Bitter Lake Community Center, 13035 Linden Ave N, 98133
- Focus ng Central East
  - Mayo 23, Martes sa Yesler Community Center, 917 E. Yesler Way, 98122
- Focus ng Northeast
  - Mayo 25, Huwebes sa Meadowbrook Community Center 10517 35th Ave NE, 98125
- Focus ng Central West
  - Hunyo 5 - Lunes sa Queen Anne Community Center, 1901 1st Ave W, 98119
- Focus ng Southwest
  - Hunyo 6 – Martes sa Delridge Community Center, 4501 Delridge Way SW, 98106
- Focus ng Southeast
  - Hunyo 7 – Miyerkules sa Van Asselt Community Center, 2820 S Myrtle St, Seattle, WA 98108

Tuwing anim na taon, ina-update ng Seattle Parks and Recreation ang Disenyo ng mga Parke at Bukas na Espasyo para iayon sa pagbili at sa programa ng pagpapaunlad ng kabisera upang matugunan ang pangangailangan ng lumalaki at sumisigla nating lungsod.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang https://www.seattle.gov/parks/about-us/projects/2024-parks-and-open-space-plan o makipag-ugnayan kay Oliver Bazinet sa Oliver.Bazinet@seattle.gov.

Upang humiling ng mga serbisyo sa interpreting sa anumang mga pagpupulong mag-email sa Karen.oconnor@seattle.gov.